



Buong Teksto

Ang Anting-anting ni Manuelito

Ang kwento natin ngayon ay mula sa *Philippine Folklore Stories* ni John Maurice Miller. Isinalin sa Ingles ni Paolo Ven B. Paculan.

Ang anting-anting ay isang bato o anumang maliit na bagay na may nakaukit na mahihiwagang kataga. Isinusuot ito bilang kuwintas at hindi tatablan ng bala o patalim ang sinumang nagtataglay nito. Maraming nagsusuot nito sa Pilipinas, lalo na ang mga tulisan. Hindi dapat ipagkamali ang

Anting-anting sa mga eskapularyo--na purong relihiyosong simbulong isinusuot ng napakaraming Kristiyanong Pilipino.

Kilala ng mga Pilipinong nabuhay noong mag-iikadalawampung siglo si Manuelito, ang dakilang tulisang nagpanatili sa rehiyon ng Laguna de Bai sa ilalim ng kaniyang kahindik-hindik na kapangyarihan. Organizado ang kaniyang kampon at sinusunod ang kaniyang bawat utos. Marami siyang bangka sa lawa, maraming taguan sa kabundukan, at sa buong baya'y walang nagnais na humamon sa kaniya, o na tanggihan siya kapag humingi siya ng tulong.

Hindi siya mahuli-huli ng mga Guardia Civil. Maraming ulit na nilang napaligiran ang kampon niya ngunit laging nakakatakas si Manuelito. Maraming ulit na siyang pinaputukan ngunit di siya kailanman tinamaan. At nang minsan siyang mahiwalay sa mga kasama, sinugod niya ang kalaban at sa gitna ng pagsipol ng limampung bala ni hindi siya nagalusan.

Sinisi ng mga Kastilang opisyal ng Guardia Civil ang kanilang mga tauhan, at sinabi nila sa mga taong ang susunod na laba'y siguradong magwawakas sa kamatayan ng kriminal. Pero hindi naniniwala ang taumbayang mapapatay si Manuelito, sapagkat suot niya sa kaniyang dibdib ang kilalang anting-anting na tinanggap pa niya kay Mangagaway, ang diyosang tagapagbigay ng buhay at kamatayan.

Ipinagmamalaki ni Manuelito ang kaniyang Anting-anting at madalas kapag may pista sa kung anong bayan, bababa mula sa bundok ang kaniyang kampon at sasali sa mga laro. Tatayo si Manuelito sa gitna ng plaza at magpapabaril sa kaniyang mga tauhan, at lagi't lagi, pinaliliko ng anting-anting ang mga bala. Bilib na bilib ang mga tao, at kahit may ilang matalinong nakaisip na baka pulbura lang ang laman ng mga baril, hindi sila umiimik. Kaya nagpatuloy ang paniniwala ng karamihang wala nang hihigit pa sa kapangyarihan ng anting-anting ni Manuelito.

Walang magawa ang mga Guardia Civil at patuloy sina Manuelito sa pagnanakaw at pandarambong, hanggang umabot na sila sa mga bayang nakapaligid sa Maynila. Napuno na ang gobyerno at nagpadala ng isang pulutong ng Macabebe upang tugisin at patayin ang tulisan at ang kaniyang mga tauhan.

Nasa Pasay si Manuelito nang mabalitaan niyang paparating na ang mga Macabebe. Imbes na takasan ang mababangis na mandirigmang ito, pinasya niyang harapin sila, at maraming nag-alok sa kaniya ng tulong sa paniniwalang magtatagumpay sila dahil sa anting-anting. Kaya nilisan ni Manuelito at maraming kalalakihan ang Pasay. Lumikha sila ng mga pananggalang sa mga burol malapit sa San Pedro Makati at doon hinintay ang paglitaw ng mga Macabebe.

Hindi nagtagal ang kanilang paghihintay. Nagmadali ang mga Macabebe mula sa Maynila, agad nakarating sa San Pedro Makati, at nalamang handa si Manuelitong labanan sila. Agad nilang inakyat ang mga burol at sinugod ang mga tulisan. Napakatindi ng labanan. Maraming nanood sa sagupaan mula sa malalapit na burol. Limang ulit sumugod ang mga Macabebe at napilitang umurong dahil sa marahas na pagpapaputok ng mga tulisan. Ngunit hindi marunong matalo ang Macabebe, at minsan pang sumugod hanggang maigpawan nila ang mga sanggalang at mabayoneta ang mga kriminal.

Walang-saysay ang panawagan ni Manuelito sa kaniyang mga tauhan na lumaban. Tumakas sila't nagtakbuhan sila sa iba't ibang direksyon. Nang makita niyang wala nang pag-asa, sinubok ni Manuelitong sundan sila, ngunit pinagbabaril siya at nang tamaan ng dalawampung bala, nahulog siya't namatay. Hinabol ng mga Macabebe ang mga tumatakas at ilan lang ang ligtas na nakaabot sa mga bundok.

Samantala, lumapit ang mga nanonood at pinaligiran ang katawan ni Manuelito. Hindi sila makapaniwala, ngunit patunay ang maraming sugat at ang mantsa ng dugo sa lupa na tunay ngang patay na ang dakilang Tulisan.

Ngunit ang anting-anting? Nawalan ba ito ng kapangyarihan?

Nag-aalangang hinila ng isang lalaki ang anting-anting mula sa loob ng kamiseta ng patay na magnanakaw. At noon lumiwanag ang misteryo. Nakabaon sa pinakagitna ng anting-anting ang isang balang pilak. Isa lang ang posibleng paliwanag--tinunaw ng mga Macabebe ang isang pilak na estatwa ng Birheng Maria at mula rito'y gumawa ng mga balang gagamitin kay Manuelito. Walang kuwenta ang anting-anting laban sa ganoong klaseng bala. Laban sa balang tingga, hindi ito mabibigo kailanman. Hindi ba't nakita nilang binaril si Manuelito ng sarili niyang mga tauhan?

Kinuha nila mula sa leeg ng patay na tulisan ang agimat at gumawa ng maraming kopya nito. Hanggang ngayo'y daan-daang tao ang nagsusuot nito. Ikukuwento nila sa inyo ang tungkol sa dakilang pakikipaglaban ni Manuelito at ang tungkol sa kaniyang tanyag na Anting-anting.

“Pero,” sasabihin mo, “walang-saysay ang Anting-anting. Namatay si Manuelito.”

At sasagot sila ng: “Tama po, Senyor. Dahil pilak na bala ang ginamit ng mga Macabebe. Pero kung tingga ang ginamit nila, ibang-iba ang magiging kuwento. Kawawang Manuelito!”

Source: Philippine Folklore Stories ni John Maurice Miller (1904)

Mga Kasalukuyang Kwento sa Serye

In English

The Monkey and the Turtle
Sun and Moon
Sagacious Marcela
The Story of our Fingers
Why the Cow's Skin is Loose on the Neck
The Lost Necklace

In Filipino

Ang Pagong at ang Matsing
Ang mga Paglalakbay ni Juan
Ang Pinagmulan ng Daigdig (Si Malakas at si Maganda)
Ang Unang Unggoy
Ang Alamat ng Palay
Ang Pinagmulan ng Lamok
Kung Paano Yumaman si Jackyo

Abangan ang iba pang kwento sa seryeng podcast na ito.

PAGKILALA

Areté

Ma. Mercedes Rodrigo Ricardo Abad	<i>Executive Producers</i>
D Cortezano	<i>Producer</i>
John Robert Yam	<i>Overall Sound Designer</i>
Harold André Santos	<i>Theme Music Composer</i>
Duane Ligot	<i>Episode Sound Designer</i>
John Robert Yam Nilo Beriarmente	<i>Sound Engineers</i>
Ivy Baggao	<i>Talent Coordinator and Production Associate</i>
Jethro Nibatén Adriane Ungriano Justine Ray Santos Rey Sotto Ralph Joseph Adarlo Carlos Hombrebueno	<i>Sound Design and Technical Team</i>
Arielle Acosta Vannessa Reventar	<i>Logistical Support</i>
Ross Du	<i>Illustrator</i>
Arielle Acosta Lazir Caluya	<i>Brand Developers</i>
Dreamlist Digital	<i>Web developers</i>

Ateneo de Manila Basic Education / Ateneo Junior High School

Jose Antonio P. Salvador	<i>Principal</i>
Genalyn S. Sanvictores	<i>Assistant Principal for Academic Affairs</i>
Paolo Ven B. Paculan	<i>Senior Teacher, Subject Area Coordinator, Filipino</i>

Krinstine Ann P. Valdellon *Master Teacher, Subject Area Coordinator, English*

John Carlo A. Bunsay *Assistant Teacher, Filipino Subject*